

Public Service Announcement

Bukas na ang mga nominasyon para sa mga kandidato sa Halalang Munisipal ng Vaughan sa 2026

VAUGHAN, ON (Hunyo 8, 2026) – Bukas na ang mga nominasyon para sa mga taong nagnanais na tumakbo sa Halalang Munisipal ng Vaughan sa 2026 para sa mga posisyon sa Konseho o bilang katiwala ng lokal na lupon ng mga paaralan. Maaaring ihain ang mga nominasyon para sa mga sumusunod na katungkulan:

Konseho ng Vaughan

- Mayor
- Konsehal ng Lokal at Rehiyonal (apat na ihahalal ng buong lungsod)
- Konsehal ng Ward 1 (Maple/Kleinburg)
- Konsehal ng Ward 2 (West Woodbridge)
- Konsehal ng Ward 3 (Woodbridge/Vellore)
- Konsehal ng Ward 4 (Concord/Thornhill)
- Konsehal ng Ward 5 (Thornhill)

Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Region

- Katiwala – Ward 1 ng King at Vaughan (ang Klerk ng Bayan ng King ang namamahala sa mga nominasyon para sa katungkulang ito)
- Katiwala – Ward 2 at 3 ng Vaughan
- Katiwala – Ward 4 at 5 ng Vaughan

Lupon ng Paaralan ng Distrito ng York Catholic

- Katiwala – Ward 1 ng Vaughan
- Katiwala – Ward 2 ng Vaughan
- Katiwala – Ward 3, 4, at 5 ng Vaughan dalawang ihahalal ng buong lungsod

Lupon ng Paaralan ng Viamonde

- Katiwala – York Region / mga tagapayo sa paaralan - Région de York

Lupon ng Paaralang Katoliko ng MonAvenir

- Katiwala – York Region / mga tagapayo sa paaralan - Région de York

Public Service Announcement

Maaaring isumite ng mga nagnanais na maging kandidato ang kanilang mga form ng nominasyon nang personal sa pamamagitan ng appointment sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod, na matatagpuan sa unang palapag ng Bulwagang Panlungsod ng Vaughan (214 Major Mackenzie Dr.), sa loob ng opisyal na panahon ng paghahain ng nominasyon na magtatagal hanggang **Biyernes, Agosto 21 nang 2 p.m.**

Tinatanggap lamang ang mga nominasyon sa pamamagitan appointment sa loob ng karaniwang oras ng pagtatrabaho, Lunes hanggang Biyernes mula 8:30 a.m. hanggang 4:30 p.m. Kinakailangang iiskedyul nang maaga ang mga appointment sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Elections Vaughan sa pamamagitan ng email sa elections@vaughan.ca o sa pamamagitan ng telepono sa 905-832-2281, ext. 6104.

Mapabilang sa listahan ng mga botante

Bagama't ilang buwan pa ang araw ng halalan, hinihikayat kang tiyakin na nakalista ka sa listahan ng mga botante sa pamamagitan ng pagbisita sa registertovoteon.ca.

Ang mga kuwalipikadong botante para sa mga halalang munisipal ay dapat na:

- mamamayan ng Canada at may edad na hindi bababa sa 18 taong gulang; at
- residente ng munisipalidad; O
- hindi residente ngunit may pag-aari o umuupa ng ari-arian sa munisipalidad; O
- asawa ng may-ari o ng umuupa ng ari-arian sa munisipalidad

Upang malaman ang higit pa tungkol sa proseso ng halalan, pagiging karapat-dapat ng botante, o mga nominasyon ng mga kandidato, bisitahin ang vaughan.ca/elections.

Para sa mga update at balita sa oras na mangyari ang mga ito, mag-subscribe sa [Vaughan News](#) at i-follow ang mga opisyal na corporate channel sa [X](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [LinkedIn](#).

-30-

TUNGKOL SA VAUGHAN: Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

Public Service Announcement

KONTAK NG MEDIA: Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca